

Pronto soccorso. Handa para sa lahat.



Regione Toscana

Traduzioni a cura dell'Albero della salute
Struttura di riferimento
per la mediazione culturale in sanità
Regione Toscana, Novembre 2009.

Kung alam mo kung ano ang silbi nito, matutugunan nito nang maayos ang iyong mga pangangailangan.

Serbisyong magagamit sa lahat ng oras.

Mayroong higit sa apatnapung Pronto Soccorso ang Toscana na handang magsilbi bawat araw at bawat oras sa mga mamamayang Italyano at dayuhan upang masolusyunan ang mga problemang pangkalusugan na humihingi ng mabilisang lunas.

Araw-araw, dose-dosenang tao ang dumarating sa bawat Pronto Soccorso, kung minsan sabay-sabay at kasama ang mga problemang pangkalusugan na iba-iba ang antas ng kalubhaan at tulong sa paglunas.

Dahil dito, ang Pronto Soccorso ay inayos batay sa mga naaakmang espasyo at tungkulin, tulad ng tanggapan, lugar na hintayan, lugar para sa Triage nars at mga lugar para sa mga konsultasyon na





nakaayos ayon sa kalubhaan.

Ang mga taong nangangailangan ng ganitong Serbisyo, at ang kanilang mga kamag-anak ay maaaring magtiwala sa mga pagsusuri at paggamot, mga nars, mga doktor at mga kawaning hindi pang-kalusugan na sadyang inilagay para dito.



Gayunpaman, makatutulong din na alamin, ang mga sumusunod na pundamental na impormasyon upang maging pamilyar sa isang institusyon tulad nito na may iba't-ibang grupo at upang higit na malaman ang ilan sa mga aspetong pangkasanayan nito.



Halimbawa, sa anong paraan at dahilan itinatakda ang color code, aling mga kaso ang mas binibigyan ng prayoridad na konsultasyon kaysa sa iba at kailan dapat bayaran ang tiket. Ilan lamang ang mga ito sa mga bagay na mahalagang malaman.

Ang mga Triage nars at ang mga color code.

Nagsisimula dito, sa Triage nars, ang proseso ng tulong sa pagdadayagnos. Ang Triage ay isang salitang Pranses na nangangahulugan ng pagpili sa mga pasyente batay sa mga tanda at sintomas na pangkalusugan na sinusuri ayon sa mga indikasyong ginagamit ng buong bansa at rehiyon.

Isang ekspertong nars ang kumukuha ng mga dahilan ng pagpunta sa Pronto Soccorso at sa pamamagitan ng panayam, obserbasyon at pagkuha ng ilang mga vital signs (pulso, BP, atbp.) ay nagtatakda ng color code na siyang nagiging batayan ng **pryoridad sa konsultasyon**. Ang mga code ay nasa kulay na pula, dilaw, berde, asul, puti, na magkakasunod mula sa pinakamalubha hanggang sa hindi malubha.

Ang mga code ng Triage ay hindi nangangahulugan ng pagiging katumbas ng pangwakas na code ng kalubhaan na ibinibigay lamang ng doktor matapos ang mga pagsusuri at mga konsultasyong pang-klinika. Mula dito, ang pasyente ay ililista at tatawagin sa mga susunod na sandali upang matingnan. Sa oras na naising umalis sa Pronto Soccorso, sa gitna ng proseso, ipagbigay-alam ito sa kawaning pangkalusugan ng Triage.



Emergency na pagtugon

Pasyenteng nanganganib ang buhay.



Mabilisang pagtugon

Pasyente na ang kondisyon ay maaaring maging kritikal.



Tugunan matapos ang pula at dilaw

Pasyente na mayroong malubhang problema na mayroong normal na vital signs. Hindi nanganganib ang buhay.



Tugunan matapos ang pula, dilaw at berde

Pasyente na may malubhang problema ngunit magaan sa kabuuan.



Tugunan pagkatapos ng lahat

Pasyente na may problemang hindi malubha at/o maliit lamang.

Sino ang unang papasok.
Ang paghihintay.

Kung ang itinakdang code ay puti o asul, maaaring maging matagal ang paghihintay dahil bibigyan ng prayoridad ang mga nasa code na pula, dilaw o berde, kahit na mas nahuli silang dumating. **Unang papasok ang pinaka-nangangailangan ng lunas.**

Sa loob ng araw, ang pasyente at ang kanyang mga kamag-anak (o mga kasama) ay maaaring pumunta sa mga tanggapan na hindi pangkalusugan na kumakatawan bilang sanggunian at natatanging tulong upang iwasan ang mga abala ng paghihintay.

Gayunpaman, mananatili lamang sa doktor at mga nars ang karapatan na ibigay ang mga impormasyon tungkol sa kalusugan ng pasyente, bilang pangangalaga sa privacy ng tao.





Sa silid ng konsultasyon.

Sa oras ng konsultasyon, maaaring umpisahan kaagad ng doktor ang paggamot at/o hingin ang ilang mga test (x-ray, MRI, sampol ng dugo, atbp.), na maaaring hindi kaagad-agad, upang matiyak nang husto ang katangiang pangkalusugan. Mahalagang ipaalam sa kawaning pangkalusugan ang mga gamot na parating iniinom, ang mga posibleng sakit o alerhiya at ang petsa ng pagkakapasò ng bakuna laban sa tetano (para sa mga pangyayaring nakaka-trauma).

Sa pagtatapos ng proseso, kung palalabasin, ay ibibigay ang mga suhestiyon at indikasyon na ikokonsulta sa doktor ng pamilya, kung hindi naman, mananatili ang pasyente sa loob ng nakatakdang oras sa isang lugar na itinakda para sa obserbasyon ng mga kondisyong pangkalusugan, o ia-admit upang isagawa ang mas malalim na mga pagsusuri at/o mga lunas.

Ang pagbabayad ng tiket.

Hindi hinihingi ang bayad ng tiket para sa mga code na pula, dilaw, at berde.

Para sa mga may code na **puti at asul na lalabas**, ang babayaran ay 25 euro, na kinabibilangan ng pangkalusugang pagsusuri at ng posibleng mga eksamen sa laboratoryo.

Ang halagang ito ay maaaring mas tumaas pa sa 25 euro, para sa mga may code na puti o asul, kung isasagawa ang mga pagsusuring ginagamitan ng mga instrumento (x-ray, ultrasound, atbp.).





Ang Pronto Soccorso ay libre para sa:

- mga batang mas mababa sa 14 ang edad;
- mga pasyenteng hindi pinagbabayad ng tiket batay sa mga umiiral na batas;
- mga babaeng nagdadalang-tao;
- mga taong naaksidente sa trabaho;
- mga sitwasyong nasa code na puti at asul na nauugnay sa malubhang pagkakalason, pagkaka-trauma na humihingi ng pagtatahi o imobilisasyon, pangangailangan ng panandaliang obserbasyon sa loob ng Pronto Soccorso o sa loob ng ospital.

Para sa mga mungkahi o komento tungkol sa ganitong serbisyong pangkalusugan, makipag-ugnayan sa Uffici Relazioni con il Pubblico (Tanggapan ng Pakikipag-ugnayan sa Publiko). Ito ay isang paraan upang matulungan tayo na gawin ang Pronto Soccorso kung paano natin ito gustong maging.